Republic of the Philippines

# Department of Education

**REGION XI**

**SCHOOLS DIVISION OF DIGOS CITY**

Office of the Schools Division Superintendent

**DIVISION MEMORANDUM**
CID-2023-464

To : Public Schools District Supervisors
Education Program Supervisor
School Heads

Subject : **PANAWAGAN SA MGA PANUKALANG PROYEKTO PARA SA 2024 GRANT SA PAGDODOKUMENTO NG WIKA AT KULTURA NG PILIPINAS**

Date : NOVEMBER 6, 2023

---

Inaanyayahan ang mga mananaliksik na nasa larang ng Filipino, Antropolohiya, Lingguwistika, Kasaysayan, at mga kaugnay na disiplina; gayundin, ang mga tagapagsalita ng katutubong wika at kasapi ng katutubong pamayanang kultural na magsumite ng aplikasyon at panukala tungkol sa proyektong Dokumentasyon ng mga Wika at Kultura.

Layunin ng proyekto na masaliksik o maidokumento ang lahat ng wikang katutubo ng Pilipinas, matukoy at mabalida ang sitwasyong pangwika at pangkultura ng komunidad, at makapaglimbag ng mag manuskripto na tutugon sa kakulangan ng mga mag-aaral hinggil sa wika at kultura ng katutubong pamayanang kultural.

Para sa pagsusumite ng aplikasyon at panukala, i-click ang https://bit.ly/KWFdokumentasyon2024.

Ang ibang detalye hinggil sa panawagan ay mababasa sa kalakip na dokumento.


Inaasahan ang agarang pagpalaganap at pagtalima sa nasabing memorandum.

**MELANIE P. ESTACIO, PhD, CESO VI**
Schools Division Superintendent

DepEd Schools Division of Digos City
RECORDS SECTION
RELEASED
23-11064
DATE NOV 09 2023 TIME: 9:20a
BY:

Enclosed: As stated.
CID/jmn

Roxas Street cor. Lopez Jaena Street, Zone II, Digos City 8002
(082) 553-8396 | (082) 553-8376 | (082) 553-9170 | (082) 553-8375
(082) 553-8396 | (082) 553-8376
www.depeddigoscity.org | digos.city@deped.gov.ph



DepEd Schools Division of Digos City
RECORDS SECTION
RECEIVED 110686
DATE: 24 OCT 2023 TIME 12:01
BY:

KOMISYON SA WIKANG FILIPINO · 1991 ·

Panawagan sa mga Panukalang Proyekto

# 2024 GRANT SA PAGDODOKUMENTO NG WIKA AT KULTURA NG PILIPINAS

30 Oktubre 2023

Hulíng Araw ng Pagsusumite ng Aplikasyon

**Panawagan sa Pagdodokumento ng Wika, bukás na!**

Ano ang estado ng wikang Mamanwa?

Saang mga dominyo ginagamit ang wikang Kuyunon?

Bakit umuunti ang gumagamit ng wikang Irungdungan?

Paano nagagamit sa edukasyon ang wikang Hamtikanon?

Ilan lámang ito sa napakaraming tanong hinggil sa mga wikang katutubo ng Pilipinas na nais tugunan ng proyektong Dokumentasyon ng mga Wika at Kultura.

Dahil dito, inaanyayahan ang mga mananaliksik na násа larang ng Filipino, Antropolohiya, Lingguwistika, Kasaysayan, at mga kaugnay na disipilina; gayundin, ang mga tagapagsalita ng katutubong wika at kasapi ng katutubong pamayanang kultural na magsumite ng aplikasyon at panukala.

Ang hulíng araw ng pagsusumite ng aplikasyon at panukala ay sa 30 Oktubre 2023. Ang mapipiling mga aplikante ay pagkakalooban ng Komisyon sa Wikang Filipino ng grant na hindi bababa sa PHP300,000.00.

Layunin ng proyekto na masaliksik o maidokumento ang lahat ng wikang katutubo ng Pilipinas, matukoy at mabalida ang sitwasyong pangwika at pangkultura ng komunidad, at makapaglimbag ng mga manuskrito na tutugon sa kakulangan ng mga pag-aaral hinggil sa wika at kultura ng katutubong pamayanang kultural.

Para sa pagsusumite ng aplikasyon at panukala, i-click ang https://bit.ly/KWFdokumentasyon2024.

Para sa tuntunin, pormularyo ng panukala, gabay na mga tanong, iskedyul ng pagsasagawa ng proyekto, at mga wika ng Pilipinas, i-click ang https://bit.ly/KWFgrantDokumento.